

1

Nanlumo si Forest kasama ang kaibigang si Alon nang masilayan ang damage na dulot ng malakas na bagyo nang nakaraang gabi. Matindi ang pinsalang tinamo ng *Legends Beach Resort and Surf Center*. Sira ang lahat ng first-class cottages at picnic gazebos nila sa gilid ng dagat, pati na rin ang center kung saan sila nag-co-conduct ng short classes para sa training ng mga surfer wannabes.

Nagdulot ng mapanirang sea surge ang bagyo at hinagupit nang todo ang mga infrastructures sa gilid ng dagat. Buti na lang at medyo malayo sa dalampasigan ang kanilang restaurant at opisina, hindi nadale ang mga iyon.

At mabuti na rin at isinara nila ang resort bago dumating ang malakas na bagyo. Nakaligtas pa sila sa responsibility na maaaring sapitin kung nagkataong may guests sa paligid ang nasaktan o namatay.

“Tol, ano na’ng gagawin natin?” tanong ni Alon. Kapwa nakasuot ng kapote, magkatabi silang nakatayo sa dalampasigan, sa gitna ng ulan.

“Hindi ko alam, ‘Tol. Malaking halaga ang

kakailanganin para i-rebuild itong resort,” sagot niya.

Mabilis siyang nagkuwenta sa utak, ngunit napailing siya sa resulta. There was no way na kakayanin nila ni Alon na ipatayo muli ang mga gazebos, cottages at ang center. Hindi basta-basta ang kanilang cottages. Moderno ang pagkakagawa ng mga iyon, makabago ang mga amenities. Pinaayos pa nila sa isang interior designer ang loob at pina-landscape ang façade.

Nahilot niya ang noo. Halos wala nang natitira sa kaha ng *Legends* kundi pampasuweldo sa mga tauhan nila. Nagamit nila ang ibang pera sa pagpapa-expand ng kanilang restaurant nitong nagdaang buwan lamang.

Naisip niyang gamitin ang kanyang personal savings, ngunit kulang pa rin iyon kung susumahin lahat ng gagastusin nila. Gusto rin niyang kausapin ang kanyang mga magulang upang humingi ng tulong-pinansyal ngunit nanaig ang pride niya.

Si Forest ang may kagustuhang magtayo ng business sa halip na tumulong na pamahalaan ang chains of bookstores na pag-aari ng mga magulang niya. Dapat ay resolbahin niyang mag-isa ang problemang ito.

Napatingin siya sa kaibigang tila malalim din ang iniisip. Alam niyang hindi rin ito hihingi ng tulong sa amang real estate broker na nakatira sa Estados Unidos. Tulad niya ay matigas din ang ulo ni Alon. Nagpaiwan nga ito sa Pilipinas at hindi sumunod sa ama at kapatid sa California.

“Mag-loan kaya tayo sa bangko?” suhestyon nito.

“Alam mo namang napakalaki kung magbigay sila ng interes,” tanggi niya.

Nang may maisip siya. Paano kung kunin na niya ang pamana sa kanya ng yumaong lolo niya?

Pero malabo. Nakasaad sa last will and testament ng kanyang abuelo na makukuha lamang niya ang twenty-five million pesos na mana kung may asawa na siya—after one year na kasal na siya.

Sa ngayon, wala pa siyang balak mag-asawa. Kahit mayroon man, wala pala siyang girlfriend na puwede niyang pakasalan. O mas tamang sabihing wala na. Two years na rin mula nang maghiwalay sila ni Mylie, ang huling naging girlfriend niya.

Paano siya magkakapera?

Nanlulumong nagkuwenta si Isla gamit ang

calculator ng kanyang *Blackberry*. Sumakit ang ulo niya sa resulta. Ilang beses na siyang nagkukuwenta, ngunit ganoon pa rin ang kinalalabasan.

Tumayo siya mula sa sofa at lumapit sa glass window ng kanyang apartment sa Los Angeles.

Isang buwan na ang nakalipas nang pagbintangan siya ng kanyang stepmother na si Roxanne na nagnakaw sa kaha ng restaurant na pagmamay-ari nito. Siya ang manager ng *Kawali*, isang Filipino restaurant sa LA.

May nawala raw na halos two hundred thousand dollars sa kaha ng restaurant at siya ang pinagbintangan. Ayon sa madrasta, na obvious namang kinasapakat ang finance and accounting department, ginawa raw niya ang pangungupit sa loob ng apat na taon na pamamahala niya sa restaurant.

Of course, hindi siya umamin. Pero dinaya ang financial records ng restaurant at pinalabas na may mga unaudited expenses na si Isla lang ang pupuwedeng may gawa. Nabigo siyang patunayan na mali ang bintang sa kanya. Pati ang kanyang ama ay hindi naniwalang inosente nga siya.

Wala siyang nagawa kundi ang bayaran ang

kanyang stepmother kaysa magdemanda ito. Pero mahigit kalahati pa lang ang naibigay niya. Said na ang savings niya. Tinanggal siya sa restaurant at ipinalit ang kanyang stepsister na si Gwyneth sa kanyang puwesto. Hindi pa siya nakakahanap ng bagong trabaho since ang pangit ng working record niya. Terminated siya for misconduct.

Mahina siyang napahampas sa bintana. Alam niyang two birds in one stone ang ginawa sa kanya ni Roxanne.

Una, gusto siyang kuwartahan. Maluho sa katawan ang hitad, mahilig sa alahas at magagarang damit. Mahilig din itong magsugal. Kaya nga nauwi sa kanya ang pamamahala sa restaurant, wala nang panahon ang madrasta niya sa negosyo dahil sa extra-curricular activities nito.

Pangalawa, alam niyang gusto ni Gwyneth na palitan siya sa puwesto sa restaurant. Nagsawa na rin siguro ito sa pagtira malapit sa mga studios sa Hollywood at pag-o-audition para maging artista o model. Wala itong natanggap na anumang offer.

Matagal nang halata ang insecurities sa kanya ng anak ni Roxanne. Ano ang magagawa niya? Nagkataong ipinanganak siyang matangkad, may kaputian at makinis ang balat, balingkinitan ang

katawan at maganda, dagdag pa na matalino siya. She has a degree in Hotel and Restaurant Management samantalang si Gwyneth ay pahirapan pang nakapasa sa high school.

Lahat ng mga guys na gusto siyang i-date ay sinusulot sa kanya ng babae. But she didn't mind it. Dating was the least of her concern. Sabihin nang no boyfriend since birth siya, pero masaya si Isla sa lifestyle niya sa Amerika.

She lived in a nice apartment overlooking the beautiful beach. She drove a red *Lexus IS* convertible. She went out with her friends and enjoy Saturday shoppings and bar-hoppings.

Pero nanganganib nang mawala sa kanya ang lifestyle niyang iyon. Papaubos na ang natitira niyang savings para sa everyday basics niya, ang mahal pa ng upa sa tinutuluyan niyang apartment. At kailangan niyang ibenta ang kanyang kotse para pandagdag sa babayaranang 'utang'. And soon, she needed to transfer to a smaller and cheaper apartment unit to save on rent.

Christ! She couldn't believe her stepmom and stepsister would go this far para pabagsakin siya!

They always hated her. Naramdaman niya iyon

nang araw na ipakilala ng kanyang ama, si Mr. Dario Asturia, ang mga ito sa kanilang magkapatid.

Maybe it would've been better kung nanatili na lamang siya sa Pilipinas gaya ng kanyang nakatatandang kapatid na si Alon...

Her mother died when she was nine years old. Brain aneurysm daw ang sanhi ng pagkamatay nito. When she was sixteen, her father married Roxanne, isang Filipina na naging American citizen at diborsyada. Dahil minor pa siya noon, kasama siya sa petisyon ng madrasta. Nagpaiwan ang kuya niya na nasa fourth year college na noon at mas ginustong magpatayo ng beach and surfing resort sa kanilang bayan sa La Union nang matapos sa kolehiyo.

Mayamaya ay kausap niya sa telepono ang kanyang ama. As usual, topic nila ang issue sa restaurant. And as usual, ayaw siyang paniwalaan nito.

“Dad, I didn’t do it!” for the nth time ay tanggi niya. Nagsisi tuloy siyang sagutin ang tawag nito.

“Whatever, Isla! Kailangan mo pa ring bayaran ang nawalang pera. Obligasyon mo ang bantayan ang restaurant at ang kaha. At kahit hindi pa ikaw ang talagang kumuha sa nawawalang pera, kasalanan

mo pa rin ang nangyari because you let it happened! Hindi ka naging responsible sa posisyong ibinigay sa ‘yo ni Roxanne,” sermon pa nito.

“Binigay niya lang naman ang posisyong iyon sa akin because you asked her to.”

“Yes. And now, pati ako ay nasisisi tuloy dahil sa kapabayaang mo! The restaurant needs the money as soon as possible, Isla.”

Napailing siya. “Even if I sell my car, baka fifty thousand dollars pa rin ang balance ko. Saan ako kukuha ng ganoong halaga, Dad?”

“I can’t help you with this.”

Duh! Like she was expecting him to help her!

“S-sige na, Dad,” paalam na niya sa ama. “May gagawin pa ako.” *Magbebenta ng kaluluwa!*

2

Pakapalan na kung pakapalan ng mukha, pero wala nang ibang choice si Forest kundi ang lumapit sa kanyang pinsang si Travis. Nakuha na nito ang mana nito mula sa kanilang namayapang lolo noong nakaraang taon. Baka mayroon pang natitira sa pera nito.

Ipinarada niya ang kanyang silver *Toyota RAV4* sa labas ng gate ng bahay nito. Pipindot sana siya sa doorbell nang nakita niyang bukas ang gate. Pumasok siya.

Madadaan ang isang magandang hardin bago ang bahay ni Travis. Dumaan siya sa ibabaw ng isang Japanese bridge, pagkuwan ay napatigil nang may marinig siyang ingay na nagmumula sa gitna ng mga halamang namumulaklak.

What the hell?

Lumapit siya sa halamanan at nagulat siya sa nasaksihan. “Jesus!” Natatarantang nag-iwas siya ng mga mata.

He saw his cousin making out with his wife in a garden stool. Okay, maybe more than just making

out. They were in the verge of having sex!

“F-Forest!” narinig niyang bulalas ng pinsan.

Sa periphery ng kanyang paningin ay nakita niyang dali-daling umalis ang asawa nitong si Phoebe sa kandungan nito at isinara ang nakabukas na blouse.

“I’m sorry!” nahihiyang apology niya.

Ngingiti-ngiting tumayo si Travis. “What brought you here? Bakit hindi ka man lang nagpasabi?”

“I...” Hindi siya makatingin nang derecho kay Phoebe na namumula ang mukha sa matinding hiya.

“Hi, Forest,” mayamaya ay bati ng babae.

“H-hi!”

“Maiwan ko muna kayo, i-che-check ko lang si Heaven at magpi-prepare ng snacks,” paalam nito.

Napasipol siya nang makalayo sa kanila si Phoebe. “Insan, may balak ba kayong sundan agad si Heaven? Aba’y six months pa lang siya, ah.”

Tumawa si Travis.

Actually, nainggit siya sa nasaksihan kanina.

He couldn’t remember the last time he got laid.

He dated several women after his break-up with Mylie pero lately, for some vague reason ay nakasawaan na niyang gawin iyon. Matagal-tagal na rin palang wala siyang sex life!

Mayamaya ay sinabi na niya ang pakay sa pinsan.

“I still have fifteen million pesos left in the bank, Forest. But sad to say, naka-budget halos lahat iyon para sa pagpapatayo ko ng malaking dental clinic sa Manila early next year.”

Nanlumo siya. Buti pa ang kanyang pinsan, dumadami na ang branches ng dental clinic nito. Samantalang iyong negosyo niya, sinabotahe naman ng kalikasan.

“But actually, I can lend you the ten million if you can pay me maybe after a year. Puwede ko namang i-postpone ang pagbili ng mga kagamitan sa clinic at ang pagbubukas n’yon. Ang hindi ko lang puwedeng i-postpone ay ‘yung pagpapatayo ng clinic. May ka-deal na kasi akong construction company.”

Umiling siya. “Hindi ko basta mababawi ang halagang iyan sa loob lang ng isang taon, ‘insan. Alam mo naman ang business ng resort.”

“Bakit kasi hindi ka na mag-asawa?” makahulugan ang ngiting sabi nito. “In that way, makukuha mo ang

iyong mana after a year, then mababayaran mo na ako.

“Alam mong wala na kami ni Mylie.” Saka kahit nobya pa niya ito ngayon, hindi niya yata nakikitang ihaharap niya sa altar ang babae.

Geez. Paano ba naging sila ni Mylie noon? Ang alam niya ay pareho silang lumaki sa iisang village kaya lagi silang nagkikita. She always wanted him and he knew it. Then kamukat-mukat niya, nagdi-date na sila nito. Their relationship lasted for almost a year. Noong una ay nag-e-enjoy siya sa atensyong ibinibigay sa kanya ng dalaga, but then she became too possessive and a nagger. So he decided to call it quits.

Isa pa, mula nang maipatayo niya ang bahay sa La Union ay madalang na lamang siyang nauuwi sa bahay ng mga magulang sa Manila. And Mylie couldn't stand the distance between them kaya lalo pa itong naging clingy sa kanya.

“Alam mo bang pinakasalan ko lang noon si Phoebe para makuha ang mana?”

Muntik na siyang mahulog sa kinauupuang silya. Hindi niya inaasahan ang narinig mula kay Travis. How could he use someone as beautiful and nice

like Phoebe para lang makuha ang mana mula sa kanilang lolo?

“Hey, don’t give me that look!” natatawang sabi nito. “I love Phoebe and I really wanted to marry her kahit panandalian lamang. So it was like shooting two birds with one stone. Pero noong panahong iyon, she didn’t know I was in love with her. I was about to let her go when she told me na mahal na din pala niya ako.” He shrugged his shoulders. “So, here we are.”

Wow. He was so darn envious deep inside.

“Forest, puwede kang humanap ng babaeng pakakasalan para makuha mo ang mana pagkatapos ay hihiwalayan. That’s what I did. Kinasapakat ko si Phoebe na pakasalan ako and she did it because gusto niyang iwasan noon ang ex-boyfriend niyang asawa ng kanyang younger sister na patuloy pa ring humahabol sa kanya.” Ang lapad ng ngiti nito. “Hindi nga lang kami naghiwalay.”

“Saan naman ako hahanap ng babaeng papayag magpakasal then makipaghiwalay after a year?”

“Mahirap nga ‘yan lalo na sa panahon ngayon. Baka ayaw ka nang hiwalayan ng girl dahil sa pera mo.”

“Exactly.”

“But you can do what I did. I chose to marry Phoebe not only because I was so in love with her that time, but because I knew she wouldn’t be running after my money. Ayaw niya sa akin noon. I even had to bribe her two point five million pesos na inayawan naman niya.”

“And you’re saying...?”

“Find a girl na alam mong hindi ka type at hindi ka gagapangin sa gabi para magpabuntis. Bigyan mo siya ng... say, ten percent sa mamanahin mo.”

Saan siya maghahanap ng ganoon? Knowing people these days... Baka nga magpabuntis pa sa kanya ang sinumang babaeng pakakasalan niya upang matali lamang sa kanya—correction, sa pera niya.

“Ang hirap yata niyan, ‘insan. Alam mo namang lahat ng babae, type ako!” tumatawa niyang sabi.

“Well, then I’m afraid I can’t help you, Forest. I’m sorry but I really need the ten million next year,” seryosong pahayag ni Travis.

Gamit ang naipong *SkyMiles* sa pamamasyal sa buong Amerika ay umuwi si Isla sa Pilipinas. Balak

niyang gamitin noon ang *SkyMiles* na iyon para sana magpunta sa Egypt. Ngunit parang ice cream na natunaw sa gitna ng disyerto ang pangarap niyang iyon.

She gave up everything in Los Angeles—her apartment, her car... na hininging kabayaran ni Roxanne na ibinigay naman kay Gwyneth. She even sold her appliances, furnitures and jewelries and even most of her clothes para may maibayad lamang sa kanyang madrasta. Ngunit kulang-kulang na forty thousand dollars pa rin ang dapat niyang bayaran.

And that Roxanne bitch! She just wouldn't stop pestering her for the money! Kasabwat pa nito ang anak!

She was desperate and too burnt out for their crap.

Dahil doon, nagpasya siyang umuwi muna ng Pilipinas upang magpalamig. At maghanap na rin ng pera. Maybe she could sell her part of the land in Laguna na minana nila ng kanyang kapatid mula sa namayapang ina. Pero sino naman kaya ang bibili niyon sa panahon ng krisis?

Napabuntong-hininga siya habang naglalakad palabas ng airport. Sa lahat yata ng pasahero sa

eroplano, siya lang ang hindi excited mauwi sa bayang sinilangan. As in nagpapalakpakan pa ang lahat paglapag ng eroplano sa *NAIA*.

Nag-commute na lang siya patungong San Juan, La Union.

Pagkababa ni Isla sa isang bus stop sa downtown ay sumakay siya ng tricycle papunta sa *Legends*, ang beach resort and surf center na pagmamay-ari ng kuya niya at ng kaibigan nito.

She got more depressed nang masilayan niya ang damage na dinulot ng bagyo sa gilid ng dagat.

Kaya pala lukot na lukot noon ang mukha ng kuya niya nang ibalita nito ang nangyari sa *Skype*.

Napailing siya. Pareho pa yata sila ng dilemma ng kanyang kapatid ngayon: pera.

Nagulat si Alon pagkakita sa kanya sa labas ng opisina ng *Legends*. “Isla?” tila di-makapaniwalang bulalas nito.

“Hi, Kuya,” mahinang sabi niya. Yumakap siya rito. Ang tagal ding hindi sila nagkita. Mahigit eight years na rin pala.

“My God!” He kissed her forehead and then her cheek. “Ano’ng ginagawa mo dito? Bakit hindi ka

man lang nagsabi sa akin para nasundo sana kita sa airport?”

“Kaya ko namang bumiyaheng mag-isa pauwi dito, Kuya.”

Inakay siya nito sa loob ng opisina, hila-hila ang malaking maleta niya. “Kumain ka na ba?”

Tumango siya. “Kumain ako sa isang bus stop sa Sison.”

Pinasadahan siya nito ng tingin. “Look at you! Ang laki-laki mo na! You were just a teenager noong umalis ka dito.”

Ngumiti siya. Nagkikita nga sila minsan ng kapatid sa *Skype*, pero iba pa rin pala ang mga hitsura nila in person. Gumuwapo ang kapatid niya. At... pumayat!

“What happened to you? Nagkaroon ka ba ng mga bulate sa tiyan at pumayat ka?”

Tumawa ito. “Hindi ka pa rin nagbabago sa pagkamahadera mo!”

“Mana lang ako sa ‘yo, mahadero!”

Pumasok sila sa office space ng kapatid at ng kaibigan nito. Nahahapo siyang umupo sa couch

doon.

“May problema ba, Isla?” usisa ni Alon.

Damn, he was perceptive! Well, kadugo niya ito, may bond sa pagitan nila. Of course, in some weird natural way, nasi-sense nitong may bumabagabag nga sa kanya.

“Kasi, Kuya...” Nagtungo siya ng ulo.

Tumabi ito sa kanya. “What’s wrong?”

Hindi siya umimik. Hindi niya alam kung paano uumpisahang ikuwento sa kapatid ang lahat.

“I’m broke,” nasabi na lang niya.

This time, mapakla na ang timpla ng tawa nito.

“Welcome to my world!”

“You don’t understand, Kuya. I... I lost everything. My apartment, my car... everything.”

Kumunot ang noo ni Alon.

Noon na siya nagpasyang magkuwento.

Lulugo-lugong bumalik ng San Juan, La Union si Forest. Nagpasya muna siyang huwag magpunta

sa *Legends* o tawagan si Alon upang ipamalita ang kabiguan. Nanatili siya sa kanyang bahay hanggang humapon.

Nang makaramdam siya ng gutom ay nagpasya siyang tumuloy sa restaurant ng resort at doon kumain. Hindi pa pala siya nanananghalian at pasado alas tres na ng hapon.

He looked around. Pakaunti na nang pakaunti ang mga taong kumakain sa restaurant nila. Ngayon pa naman nag-resign ang manager niyon.

He and Alon would have to do something or they would be forced to lay off some of their employees. At ayaw niyang mangyari iyon. Mahal niya ang kanilang mga tauhan.

Para nang pamilya ang turing niya sa mga ito.

Kailangan na niyang kumilos sa lalong madaling panahon upang maipasaayos ang lahat. Malapit na ang surfing season at balak pa naman nilang maghold ng beach volleyball and surfing competitions.

Lumabas siya ng restaurant at naglakad patungo sa kanilang opisina nang may mamataan siya sa buhanginan.

A girl in a sexy two-piece red-hot bikini was

sunbathing! Nakatihaya ito sa isang malaking beach towel na nakalatag sa buhangin.

Dali-dali siyang nagpunta sa loob ng opisina upang kumuha ng telescope at mula sa porch ay pinagpiyesta niya ang mga mata sa magandang tanawin.

The girl was extremely sexy. Pamatay ang long and shapely legs nito. Walang bakas ng anumang taba ang katawan nito, flat ang tiyan at maliit ang baywang. And her breasts... they were firm and full.

Ipinokus niya naman sa mukha nito ang kanyang paningin. The girl's lips were full, she had a cute little nose, high cheekbones... Hindi lang niya masilayan ang mga mata nito dahil sa suot na oversized sunglasses.

“Uy, ano’ng iniispatan mo diyan?” pukaw ni Alon.

“Tol, may babae d’un, o! Ang sexy!” sabi niya, ni hindi ibinaba ang telescope.

“Patingin nga!” sabi nito.

“Yoko nga. Nauna ako! Akin ‘yan!” parang batang ipinapagdamot ang laruan na sabi niya.

“Patingin lang!”

Nag-agawan sila sa telescope. Nanaig naman si Alon.

Ilang saglit din itong sumilip sa instrumento. At nagulat na lang si Forest nang dagukan siya nito bigla.

“Gago ka pala, eh! Kapatid ko ‘yan!” singhal nito, sabay hampas sa dibdib niya ng telescope.

“K-kapatid mo? Sino?”

“Si Isla, sino pa ba?”

Napaisip siya. “Isla...” Pero ang natatandaan niyang Isla Asturia ay isang patpating teenager na maikli ang buhok at flat ang dibdib! Mukha iyong lalaki! Napagkamalan pa nga niya itong kapatid na lalaki noon ni Alon. “Sigurado ka?”

“Gago!” mura uli nito. “Don’t you ever let me catch you staring at her body again, you understand? Mas malaki ka nga sa akin, pero babangasin ko pa rin ang pagmumukha mo!”

Nagtaas ng mga kamay si Forest. “Whoa! Chill out, man!”

“She’s off-limits, Forest!” diin pa nito.

“Okay, okay!” banas na sabi niya. “Kung magsalita ka, para naman akong hayok na hayok sa mga babae,

ah,” pagkuwan ay hinampo niya.

Nakilala niya si Alon Asturia sa Baguio City campus ng *University of the Philippines*. Classmates sila nito noon sa kursong BA Social Sciences. Natuklasan nila na pareho silang mahilig sa surfing. Doon na sila nag-umpisang maging magkaibigan. Nang magtapos sila sa kolehiyo ay nagpasya silang magpatayo na lamang ng resort and surfing center imbis na magtrabaho at gamitin ang kanilang kurso. They both didn’t want to have a boss. Pareho silang matigas ang ulo para sumunod sa sinumang superior sa kanila.

Nang unti-unting nagtatagumpay ang negosyo nila ay nagpasya siyang magpatayo ng sariling bahay malapit sa tirahan ni Alon. He loved this place. It’s laid-back, quiet and safe. Dito niya gustong magtatag ng pamilya balang-araw.

Ibinalabal ni Isla sa katawan ang isang makulay na sarong bago dinampot ang towel sa buhangin. Naglakad siya patungong opisina ng resort upang yayain ang kapatid na mag-snack.

“Hi!”

Napahinto siya sa lalaking bumati sa kanya bago

pa man siya nakatuntong sa porch ng office.

The man was tall, lean and tanned. His hair was a bit long and wild, like those Korean and Japanese actors.

Teka...

Tinanggal niya ang suot na sunglasses, muling tiningnan nang pababa-pataas ang kaharap.

Forest Gerona, tatango-tangong bigkas niya sa isip.

Ngiting-ngiti ito sa kanya. “Nice to see you again, Isla.”

“Wait, mali yata ang tawag mo sa akin. Di ba, madalas mo akong tawaging ‘Boy’ noon?”

Tandang-tanda niya ang unang pagkikita nila noon ng lalaki...

She was fifteen, Sabado noon at kagagaling lang niya sa practice ng volleyball sa school para sa kanilang intramurals. Nakasuot lang siya ng shorts at t-shirt, pawisan at gulong-gulo ang maikling buhok. Naabutan niyang nakatayo sa tapat ng kanilang gate si Forest, may hawak na surfing board at animo’y kanina pa pindot nang pindot sa doorbell.

Nahiya siyang tanungin kung ano ang kailangan nito.

She just stood there, her eyes stuck on his handsome face. First time niyang makakita noon ng pagkaguwapo-guwapong nilalang at parang namatanda siya sa harap nito.

Pero saglit lang ang mala-special effects sa pelikulang pagsulpot ng mga stars at hearts sa kanyang mga mata. Nabura lahat iyon nang magsalita ang lalaki.

“Boy, nandiyan ba si Alon?” tanong nito sa kanya.

Nanlaki ang mga mata niya pagkarinig niyon. Instantly, naging pagkapangit-pangit na halimaw ang lalaki sa kanyang paningin.

Pinanangkitan niya ito ng mga mata at pinamaywangan. “Excuse me, pero, babae po ako! At ewan ko kung saang lupalop na naman nagsuot ang kuya ko!” angil niya.

Mula noon, kinainisan na niya to the highest level ang balasubas na ito na kaibigang matalik pala ng kapatid niya. Aba, minsan pa nga, tinanong pa siya nito kung tuli na raw ba siya at nakapalda siya! The nerve!

Lagi silang nagbabangayan noon kung napupunta sa kanilang bahay si Forest. ‘Panget’ ang tawag niya rito noon, pagkalutong-lutong namang ‘Boy’ ang tawag nito sa kanya.

Pinaglakbay ni Forest ang paningin sa katawan niya. Wari’y hinuhubaran siya ng mga mata nito.

“Excuse me, Panget, but you’re blocking my way,” sabi niya at bahagya pa itong binangga sa balikat.

Ngunit muli siyang natigil sa paglalakad nang magsalita ito. “Dalaga na pala si Boy.”

Lumignon siya rito, nanlilisik ang mga mata. Kung puwede lang sanang makapatay ang paningin, how she wished na makita niyang mangisay sa harapan niya ang preskong lalaking ito at malagutan ng hininga!

Nakangisi naman ito. “Iba talaga ang nagagawa ng Amerika, ano? Mas advance talaga sila roon sa cosmetic surgery.”

“Why, you...!” Umusok ang nostrils niya. “Wala akong binawas o dinagdag sa katawan ko, for your information!”

“Ah, okay. Pero ang ganda ng buhok mo, ah. Bagay pala sa ‘yo ang long hair. Hawig mo na si Ka

Freddie Aguilar.”

Nang-iinsultong tumingin si Isla sa kabuuan ng mukha nito. “At ikaw naman, I think kailangan mong magbago ng hairstyle. Hindi bagay sa ‘yo ang buhok mo, dude. Gurang ka na masyado para sumali pa sa *F4!*”

Tumawa lang ito.

Inismiran niya ito bago ipinagpatuloy ang naunsiyaming pagpasok sa opisina.

Sinadya niyang lalong paseksihin ang paglakad nang maramdamang nakapako pa rin sa kanya ang mga mata ni Forest. Iniindayog niya lalo ang balakang, sabay flip ng kanyang buhok.

That’s right, Panget! Give your eyes a feast of this body dahil hanggang tingin ka lang sa akin!

3

“Tol, halos wala nang kumakain sa restaurant,” ani Alon kay Forest.

“I can see that,” sabi niya, umiwas nang muling ilibot ang paningin sa loob ng kainan.

Gusto niyang isiping matumal lang ang kanilang customers ngayon dahil tag-ulan pa, but he would be lying to himself. Kahit maulan ay madami pa ring taong nagpupunta sa kanilang resort, especially surfers, dahil mas mataas ang alon sa dagat pag panahong ganito. But now, halos wala nang dumadayong surfers galing sa ibang lugar. Paano, wala nang matutuluyan ang mga ito sa kanilang resort since sira ang lahat ng kanilang mga cottages. Hindi na rin sila makapagturo sa mga gustong matuto ng surfing dahil damaged ang surf center.

They can’t be out of business! Gagawin niya ang anuman upang maisalba lamang ang kanilang negosyo.

“Willing akong ibenta ang lupang mana namin ni Isla, ‘tol,” sabi ni Alon. Kahit kailan, pareho talaga silang mag-isip ng kaibigan. “Pero malaki na ang isang

milyong share ko doon. Isa pa, mahirap maghanap ng buyer sa panahong ito. Gusto ko sanang isanla, pero mas maliit ang perang makukuha namin ng kapatid ko.”

“Papayag kaya si Isla na ibenta mo ang lupa n’yo?”

Bumuntong-hininga ito. “May malaki ring problema sa pera ang kapatid ko. Pinagbintangan siyang nagnakaw ng malaking halaga sa restaurant ng stepmother namin. She still owe them almost two million pesos.”

Isang ideya ang kumislap sa kanyang isip. “How far would your sister go para lamang magkapera siya ngayon, Alon?”

Tumawa ito. “Kung puwede nga lang daw isanla niya ang kaluluwa niya, eh.”

“What if she marries me?”

Isang batok ang sagot nito sa kanya.

“Teka lang naman, ‘tol!’ angal niya. “Masyado ka talagang bayolente. Magpapaliwanag ako.”

Sinabi niya rito ang panukala sa kanya ng pinsang si Travis.

“So you were saying, magpapanggap kayong mag-asawa ng kapatid ko para makuha mo ang mana mo mula sa lolo mo after a year?” tanong ni Alon nang matapos ang paglalahad niya.

“It should be a real wedding, ‘tol. Hindi puwedeng ipeke dahil tiyak na madidiskubre iyon ng abogado ni Lolo. Pero maghihiwalay din kami once na makuha ko na ang mana.”

Saglit na natahimik ang kaibigan niya.

Nagsalita siya uli. “I can instantly give Isla her ten percent share of my inheritance pag binigay na sa akin ni Travis ang hinihiram kong pera. There will be seven point five million na matitira sa akin in addition to our personal savings na gagamitin natin sa pagbangon muli ng resort.”

“I wish there could be another way.”

“It’ll be your sister’s decision this time, ‘tol. Parepareho tayong makikinabang kung papayag siya.”

Hysterical si Isla nang ibalita sa kanya ng kapatid ang pinag-usapan nito at ni Forest.

“Magpapakasal ako kay Panget? No freaking way!”

“May choice ka pa bang iba, Isla? Kahit maibenta natin ang lupa sa Laguna, kulang pa rin ang share mo para pambayad mo kay Tita Roxanne.”

“Wala na ba siyang ibang pinsang pupuwede kong pakasalan?”

Tumawa ito. “Meron pa siyang isang pinsang single sa Amerika pero may girlfriend na iyon.” Sumeryoso ito. “Pag-isipan mong mabuti. Isang taon lang naman kayong magiging kasal, eh.”

“Does that mean titira kami sa bahay niya?” nakangiwing tanong niya. Hindi niya yata makakayang makasama sa iisang bubong ang balasubas na iyon!

“I’m afraid yes. Baka makatunog kasi ang abogado ng namayapang lolo nina Forest na siyang humahawak sa testamento.”

Isang taon...

Mahigit isang minuto rin siyang natahimik, pagkuwan ay kinuyom niya ang isang kamay. *Kaya ko ‘to!*

“Call.”

Nang hapong iyon ay bisita nilang magkapatid si Forest. Pinag-usapan nilang mabuti ang plano sa hardin, sa isang bench sa silong ng isang puno ng

mabolo.

“What do you mean we will sleep in the same room?” nanlalaki ang mga matang bulalas niya sa sinabi ng lalaki.

“Relax, Isla. As if papayag naman akong makasama ka sa iisang kuwarto!” sabi nito, even wrinkled his nose na para bang nandidiri. “Papagawa ako ng extension room from the master’s bedroom, gaya ng ginawa ng pinsan ko. Sasabihin na lang nating para iyon sa magiging baby natin someday.”

Baby natin.

Kinilabutan yata siya. Siya, magkaka-baby sa mayabang, feeling guwapo, presko at antipatikong ito?

Eww! Kahit artificial insemination pa, ayaw niya, ano!

“And that would be your room, Wifey,” sabi ni Forest, sabay kindat. “In that way, pag may mga bisita tayo sa bahay, hindi sila magdududang hiwalay tayo ng kuwarto kasi makikita nilang iisa ang pinto ng pinapasukan natin.”

“Hoy, Panget, magkaliwanagan lang tayo, ano! Hindi pa tayo mag-asawa, kaya huwag mo akong

matawag-tawag na 'Wifey'! Hambalusin kita diyan, eh!" singhal niya.

Tumawa lang ito.

Napakamot naman sa batok si Alon na nakasalampak sa Bermuda grass sa harapan nila. "Ngayon pa lang, hindi na kayo magkasundo, paano natin mapapaniwala ang mga tao na mag-asawa nga kayo?"

Dumikit ng upo sa kanya si Forest. "Well, sweet naman ako sa personal. Ewan lang dito sa kapatid mo," anito at inakbayan siya.

Siniko niya naman ito.

"Well, you should start acting as real sweethearts now," nangingiting sabi nito. "But remember, Forest, no monkey business. This is my little sister you're marrying," may pagbabantang paalala ni Alon sa kaibigan.

She was touched. Kahit kailan, protective pa rin sa kanya ang kuya niya.

"Alon naman, alam mo ang type ko sa mga babae, di ba?"

Pinagtaasan niya ng kilay si Forest sa sinabi nito.

Nakangiti ito nang nakakaloko nang ipaling niya dito ang mga mata. Ngumiwi naman siya rito.

Ang feeling talaga!

Kinabukasan ay nagulat si Isla nang makitang naghihintay sa kanya si Forest sa loob ng SUV nito na nakaparada sa labas ng gate ng kanilang bahay.

Ngumiti ito sa kanya mula sa nakabukas na bintana ng sasakyan. “Yes, sweetie, I am really waiting for you,” sagot nito sa nagtatanong niyang mga mata. Mabilis itong bumaba ng kotse.

“Good morning, too,” sarcastic na balik niya.

Sa gulat niya ay humalik ito sa kanyang pisngi. “You looked beautiful,” anito.

Nasamyo niya ang preskong cologne nito. That, his lips on her cheek and what he said brought herself swooning like a school girl. Gusto niya tuloy sipain ang sarili.

Ipinagbukas siya nito ng pinto sa passenger seat.

“Sabi ni Alon, pupunta ka raw sa *Legends* ngayon.”

Siya ang papalit sa iniwang puwesto ng nag-resign na manager ng restaurant. Nasabi na niya sa

kapatid ang mga plano. She was thinking of having an eat-all-you-can buffet during lunchtime, pagkatapos ay bubuksan nila ang restaurant hanggang hatinggabi for music lounge. Maglalagay sila ng mga bar counters. At uupa ng mga acoustic singers. Hindi sila mahihirapang maghanap ng mga kakanta gabigabi. Madami sa kanilang bayan pa lang ang aspiring singers na talaga namang talentado, hindi nga lang nadi-discover.

“Pupunta tayo ng Manila next weekend,” basag nito sa katahimikang lumukob sa kanila sa loob ng SUV. “My parents want to meet their future daughter-in-law.”

Hindi niya naiwasang mapangiwi. Never in her wildest dreams na mag-aasawa siya nang ganito kaaga, at the age of twenty-five. She always enjoyed being single. Walang nangingialam, walang hassles.

At lalo namang never niyang na-imagine na magiging asawa niya ang balasubas na ito!

Christ! Bakit naman ang lalaking ito pa ang binigay ng Diyos na sagot sa problema niya?

“Kelan mo ba kasi ako pakakasalan?”

“Oh, you just can’t wait to be Mrs. Isla Gerona, can you?” tukso nito.

“Correction. Mrs. Isla Asturia-*dash*-Gerona. I won’t give up my last name just like that, hotshot!”

“Hotshot.” He chuckled. “I like that endearment, sweetie.”

“Stop calling me ‘sweetie’!” she hissed. “Nagmumukha akong asukal niyan, eh.”

“Hindi nga bagay sa ‘yo ang ‘sweetie’. Because you’re one bitter woman,” naiiling na sabi nito.

“Naging bitter lang ako kasi kailangan kong pakasal sa ‘yo para lang magkapera.”

“Shouldn’t you be thanking me for that?”

“Thanking you?” Nginiwian niya ito. “I am also doing you a favor, man. This is called mutualism.”

“Mutualism it is,” sang-ayon nito. “But beware, I’ve learned that some mutualisms can be so intimate that the interacting species can no longer live without each other,” makahulugang sabi nito.

“Hah! I will never be intimate with you. Makikipaghalikan na lang ako kay Michael Myers kesa sa ‘yo, ‘no!’”

Itinigil nito ang kotse sa gilid ng kalsada.

“What?” maang na tanong niya.

Sa pagtataka niya ay nagtanggap ito ng seat belt at inilapit nito ang katawan sa kanya.

Napasinghap siya. “What...what are you doing?” aniya, halos hangin ang lumabas sa bibig niya.

He was so close that she could feel his warm breath on her face. His hard broad chest was touching hers.

“Sweetie,” he softly sniffed her hair, “you have to wear your seat belt,” anito at hinila ang seat belt mula sa kanan niya at ikinabit iyon. Pinakawalan na niya ang pigil-pigil na hininga nang inilayo ni Forest ang sarili.

“Yes, there is already a seat belt law here in the Philippines, madami lang ang ayaw sumunod,” sabi pa nito bago muling ikinabit ang seat belt nito.

Ang lakas ng kabog ng kanyang dibdib, parang nanlambot din ang mga tuhod niya.

Then it was him who gave her a puzzled look. “What? Bakit parang nagpa-panic attack ka yata?” Alam niyang nagpipigil itong tumawa.

Pinaandar na nito ang sasakyan.

Para namang naumid ang dila ni Isla, hindi na siya nagsalita hanggang makarating sila sa resort.

Pagbaba niya ng SUV ay walang lingon-likod na naglakad siya nang ala-walkathon sa bilis papunta sa restaurant. Ngayon niya ipinangako sa kapatid na i-inspect maigi ang interior niyon para sa bagong motif.

“Bakit ka ba nakabuntot sa akin?” singhal niya sa likuran niya nang mapunang naglalakad pasunod sa kanya si Forest.

“Masama bang sundan ko ang nobya ko?” nanunukso namang balik-tanong nito.

Huminto siya at hinarap ito. “Will you stop that?” asik niya.

Tumawa ito nang malakas. “What, naaapektuhan ka sa presence ko? You should’ve seen your lovely face in the car when I was reaching for your seat belt. Para kang ibinabad sa suka.”

Well, wala pang lalaking nakadikit sa kanya nang ganoon. She went on a couple of dates before, pero hanggang goodbye kiss lang sa cheeks ang pinayagan niyang mangyari.

She still considered herself as an ‘old school’ kahit pa moderno siyang mag-isip at manamit. She still cherished her Filipino values na turo sa kanya noon ng kanyang namayapang ina. Kontento na nga

siya sa green card na mayroon siya sa US at hindi American citizenship. Kahit saang panig pa siya ng mundo makarating, mananalaytay pa rin sa kanyang mga ugat ang dugong-Pinoy.

Pinanatili niya ang composure sa harap ni Forest.

“Because I smelled your stinking cologne, that was just it, Forest Gerona.”

“Wow. My name sounded so sweet from your lips.”

She realized, first time niyang sinambit ang pangalan ng mortal na kaaway. ‘Panget’ lagi ang tawag niya rito.

“Stay away from me,” utos niya, sabay talikod dito.

Ngunit sumabay sa paglalakad si Forest.

Matalim niya itong tiningnan.

“What? Sa restaurant din ang punta ko,” painosenteng turan nito.

“Grr!” nabubuwisit na saad ni Isla, sabay taas ng mga kamay sa ere.